



Mga Pagsusuri

Bilang ng T Cells o CD4

Ano ang T-Cells?

- Ang T-cells ay mga cells na bumubuo ng immune system ng katawan. Ang immune system ay tumutulong sa pagsugpo ng mga sakit. Kung wala ito, madali kang magkakasakit na galing sa mikrobyo tulad ng bacteria at fungi.

Ano ang T4 cells (o CD4 cells)?

- Ang T4 cells ay isang uri ng T-cells sa katawan. Pinananatili nitong malakas ang immune system at malusog ang pangangatawan.

Ano ang T4 (CD4) count?

- Ang T4 (CD4) Count ay isang pagsusuring ginagawa upang alamin ang bilang ng T4 (CD4) cells sa dugo. Ipinahihiwatig nito kung gaano kalusog ang iyong immune system at kung gaano kalala ang pagkasira ng immune system dahil sa HIV virus. Habang lumalala ang HIV, ang bilang ng T4 (CD4) ay bumababa.
- Ang malusog na katawan ay nagtataglay ng mahigit sa 500 T4 (CD4) per microlite (0.001 c.c.) ng dugo. Ang bilang ng T4 (CD4) ay maaaring mag-iba sa loob ng isang araw. Ito ay maaaring sanhi ng ibang impeksyon, stress level, bakuna, atbp. Upang alamin kung gaano kalusog ang iyong immune system, kailangang itala ang T4 (CD4) counts.
- Ang T4 (CD4) count ay ini-re-report din sa anyo ng percentage. Ang average percentage ng T4 (CD4) count sa may malusog na immune system ay mahigit sa 30%.

Ano ang kaugnayan ng HIV sa bilang ng aking T4 (CD4) cells?

- Pinaniniwalaan ng karamihan na ang dahilan ng AIDS ay ang virus na HIV. Kapag pumasok ang HIV sa katawan, ito ay kailangang pumasok sa cell upang mabuhay at magparami. Ang paboritong uri ng cells na karaniwang nilulusob ng HIV ay ang T4 (CD4) cells.
- Ang T4 cells ay mamamatay kapag ang HIV virus ay nakapasok at nakapagparami sa loob ng iyong T4 (CD4) cells.
- Ang bilang ng iyong T4 (CD4) cells ay bumababa habang dumadami ang HIV virus sa iyong katawan.
- Mababawasan ang kakayahan ng iyong katawan na labanan ang mga impeksyon at tataas ang panganib ng pagkakasakit, kapag ang bilang ng iyong T4 (CD4) cells ay bumaba nang labis.

Ano ang magagawa ko upang tumaas ang bilang ng aking T4 (CD4)?

- Ang pag-inom ng mga gamot ay makatutulong na makabawas sa HIV virus at makapagpataas ng T4 (CD4) cells. Ang pagkain nang tama, sapat na pahinga at pagkokontrol ng stress ay makatutulong din upang maging malusog ang iyong katawan.



Kailan ko dapat simulan ang pag-inom ng mga gamot sa HIV?

- Maaaring simulan ang pag-inom ng mga gamot laban sa HIV kapag ang bilang ng iyong T4 (CD4) cells ay bumaba sa 500 o 30%. Marami ang naniniwala na mas malaki ang pag-asang makontrol ang HIV at mapananatili ang kalusugan kapag maagang sinimulan ang paggamot sa HIV.
- Kapag ang bilang ng T4 (CD4) ay bumaba sa 200 o 20%, mas malaki ang pagkakataong magkaroon ng mga impeksyon at magkasakit. Kung hindi ka pa umiinom ng mga gamot laban sa HIV, kailangang pag-isipan mong gawin na ito ngayon.

Ano ang kaibahan ng bilang ng T4 (CD4) sa Viral Load?

- Ang pagbilang ng T4 at ang Viral Load ay mga uri ng pagsusuri sa dugo upang mapag-alaman kung gaano ka kalusog at kung paano naapektuhan ng HIV ang iyong katawan. Magkakaiba ang kaalamang ibinibigay nito.
- Ang bilang ng T4 (CD4) ay magsasabi kung gaano kalusog ang immune system. Ipaalam nito kung gaanong sira na ang naidudulot ng HIV virus sa iyong immune system. Maaari ka nitong bigyan ng babala tungkol sa panganib ng pakakaroon ng ibang sakit.
- Ang Viral Load ay magsasabi kung gaano kasigla ang HIV virus sa katawan. Sasabihin nito kung gaano kabilis dumami ang virus at ipaalam sa iyo kung ang iyong mga gamot sa HIV ay nakagagaling.

Copyright @ACAS 2001. This fact sheet is produced by ACAS (Asian Community AIDS Services) and is available in English, Chinese, Tagalog and Vietnamese. Funding for this project is provided by the Ontario HIV Treatment Network (OHTN). Copies can be downloaded at : www.acas.org/treatment. ACAS provides comprehensive support and case management services for Asian people living with HIV/AIDS; and HIV/AIDS prevention education to the east and southeast Asian Canadian populations in the Greater Toronto Area. ACAS is located at 33 Isabella Street, Suite 107, Toronto, Ontario M4Y 2P7. Tel: (416)-963-4300, Fax: (416)-963-4371 Email: info@acas.org

Legal Disclaimer: While we make every attempt to ensure the accuracy and reliability of information contained in this website/ fact sheet, the information provided here are designed for reference purposes only. These information should not be relied upon as a substitute for medical advice from a qualified professional health care provider and should not be used for diagnosing or treating a condition or illness. Please consult a physician if you have any concerns about your health, treatment regimen and questions related to HIV/AIDS. ACAS, its employees and board members will not be responsible for any loss or harm, however arising, from the use of, or reliance on this information.